

CHAPTER One

“Alam mo namang ikaw ang mahal ko, di ba?”
Aba, hindi! Hindi talaga alam ni Madeline Alcantara iyon. Ang alam niya *siya* ang mahal ng boyfriend niyang si Gilbert at hindi ang babaeng kasama nito ngayon sa kabilang table. Pinaglapat niya ang mga labi at mahigpit na hinawakan ang baso ng iced cappuccino sa harapan niya bago pa niya iyon maibuhos sa salawahang hayop na galing sa pinakamalalim na level ng Inferno.

Ilang linggo na rin niyang pinaghihinalaan ang lalaki. Napapansin kasi niya na panay ang sama nito sa mga out-of-town business trips na hindi naman nito ginagawa noong bago pa lang sila. Madalas din itong nakakatanggap ng mga text kapag magkasama

sila at dumidistansya pa kapag may tumatawag dito. At isang beses na bigla niya itong pinapunta sa bahay, amoy pabango ng babae ang damit nito.

Kanina, dumaan ito sa office ng papa niya kung saan nag-o-OJT si Maddie bilang executive assistant. Someday, si Madeline na ang magpapatakbo ng kompanya nila pero ngayon, alalay muna siya. Isa sa mga junior executives ng kompanya si Gilbert.

Sinabi nitong tumawag daw ang kapatid nitong si Gina at nagpapasundo sa school. Gusto raw ni Gina na makipag-bonding sa kuya nito. Nakipag-break daw kasi ang boyfriend ng dalaga rito. Pumayag si Maddie at sinabihan pa si Gilbert na magkita na lang sila nang alas ocho para sa sarili nilang date. Nang makaalis ang lalaki, lihim niya itong sinundan.

Ang sinasabi nitong “school” ay isang coffee shop sa Greenhills at ang “kapatid” na sinundo nito ay hindi si Gina kundi itong haliparot na babaeng kasalukuyan nitong kasama.

Nang pumasok siya ng coffee shop, abala sa paglalampungan ang dalawa kaya hindi napansin ang paglapit niya. Dumaan pa man din siya sa harapan mismo ng mesa ng mga ito para maupo sa bakanteng table sa likuran. Ngayon ay tapos na ang lampungan ng dalawa at *mainit* nang nagtatalo.

“Ako ba?” tanong ng babae. “Ako ba talaga

ang mahal mo? Eh, bakit hindi mo pa rin iniwan 'yang girlfriend mo? Gil, monthsary natin ngayon. Four months na tayo. Apat na buwan mo na ring ipinapangako sa 'kin na makikipag-break ka na sa kanya. Bakit hanggang ngayon kayo pa rin?"

Nagtiim-bagang si Maddie. So apat na buwan na pala siyang niloloko ng walangya.

"Mahal, alam mo namang hindi gan'un kadali 'yun."

"Hindi gan'un kadali?" sikmat ng bruha. "Ni hindi nga maganda 'yung babaeng 'yun, nahihirapan ka?"

Bumuntong-hininga si Gilbert. "Anak siya ng boss ko. Sa palagay mo puwede akong makipaghiwalay sa kanya na gan'un lang? Baka malagay sa alanganin ang trabaho ko."

At this point, sigurado ni Maddie na lumalabas na ang mga kuko, sungay at pangil niya.

"Mayaman lang kasi siya," maktol ng haliparot.

"O, eh nakikinabang ka rin naman sa kanya. Kaya nga tayo nakapag-Boracay last month, di ba?"

"Boracay. Eh, halos hindi mo naman ako pinansin n'un dahil busy ka sa trabaho."

"Para naman sa kinabukasan natin 'to, mahal," malumanay na sabi ni Gilbert. "Kapag nakaipon na ako at secure na ako sa trabaho, saka ko na

kakausapin si Maddie. Konting pasensya na lang, okay?”

Konting pasensya. Konti na lang talaga ang pasensya niya dahil bago pa malaman ni Madeline ang ginagawa, nakatayo na siya mula sa kinauupuan dala-dala ang baso ng cappuccino niya. Sa bilis at dahas ng kilos niya, napatingin sa kanya hindi lang ang dalawa, kundi pati ang mga nakaupo sa kalapit na mesa. Nanlaki ang mga mata ni Gilbert at nalaglag ang panga nito bago niya isinaboy rito ang cappuccino. Sana hot na lang ang binili niya at nang naluto ang walangya.

Buti nga hindi niya ipinukpok dito ang mabigat na baso, eh. Pabagsak niya iyong ibinaba sa mesa nito, bago niya iniangat ang plato ng cheesecake na nasa tapat ng babae. Sa galit, itinapal niya ang dessert sa mukha nitong parang nasubsob sa multi-colored espasol sa kapal ng makeup. Hinabol si Maddie ng mga tili nito habang prente siyang naglakad palabas ng coffee shop.

Nabuksan na niya ang pinto ng kotse niya nang marinig niya ang tinig ni Gilbert.

“Maddie, please! Let me explain—”

Hindi na siya nakinig. Sumakay na siya sa kotse niya. Isinara niya ang pinto ng sasakyan at binuhay ang makina. Patakabong lumapit si Gilbert

sa sasakyan niya pero lumundag ito paiwas nang halos sagasaan niya ito sa galit at sakit na dulot ng kataksilan nito.

Nanlalabo na sa luha ang mga mata ni Madeline. Kinabig niya ang manibela at halos umiyak ang mga gulong niya nang pinaharurot niya ang sasakyan palabas ng parking lot ng coffee shop.

Dahil sa luha, dahil sa galit, distracted siya at hindi nakita ang *Range Rover* na paparating mula sa kaliwa niya sa kalsada. Hindi na niya ito nakuhang iwasan. Malakas itong bumangga sa kotse niya.

There was a sudden debilitating pain that, thankfully, plunged Madeline into silent, blessed darkness.



Hindi mapakali si Reid Andrew Santillan habang nakaupo sa waiting room ng ER. Pilit pa rin niyang iniisip kung ano ang nangyari. One moment the road was clear, the next his *Range Rover* had already hit the tiny *Subaru Impreza* in front of him. Ni hindi nakapagpreno ang binata dahil hindi talaga niya inaasahang bigla na lang may haharurot sa harapan ng sasakyan niya.

Nalaman niyang Madeline ang pangalan ng babaeng nakabangga niya mula sa lalaking humabol dito. Hindi nila sinubukang ibaba ng

sasakyan ang babae sa takot na baka may spinal injury ito pero pinilit ni Reid na tingnan kung buhay pa ito. She had been bleeding but she had a pulse and was breathing.

Saka siya tumawag ng pulis at ng ambulansya. Tumawag na rin siya sa abogado niya, at sa mama at stepfather niya. Hinihintay niyang dumating ang mga ito ngayon.

“Reid!”

Nag-angat siya ng tingin pagkatapos ay tumayo nang humahangos na pumasok ang mama niya sa waiting room kasunod si Tito Nestor at si Attorney Emmett Sarreal. Mahigpit siyang niyakap ng kanyang mama bago siya pinakawalan at sinapo ang mga pisngi niya.

“Are you all right? Are you hurt?”

“No, Ma,” sabi na lang niya kahit pa kasalukuyang umiiyak ang tadyang niya at may namumuo na siyang pasa sa dibdib na kakorte ng seatbelt niya. May mga galos din siya sa mukha at mga braso.

“Ano’ng nangyari?” tanong ng stepfather niya na sunod na yumakap sa kanya.

“Bigla na lang po siyang lumabas sa parking lot, Tito. Hindi ako nakapreno kaagad.” Binalingan din ni Reid ang abogado kasama ng mga ito. Bata pa ang lalaki, only a few years older than Reid’s

twenty-four pero magaling ito at galing sa pamilya ng mga abogado at huwes. “Thank you for coming, Attorney.”

Tumango ito. “Of course. Why don’t we sit down so you could tell us what happened?”

Bago pa man niya maigiya ang mga ito sa mga upuan, isang lalaking may-edad ang pumasok sa waiting area. Inisa-isa nito ang mga nasa loob bago itinuon ang mga mata kay Reid. Nagningas ang mga iyon. Pagkatapos ay sinugod siya ng lalaki.

Ito marahil ang ama ni Madeline.

Bago ito makalapit, isang may edad na ring babae ang tumakbo papasok ng silid at halos nilundag ang likod nito para pigilan ang lalaki.

“Hayop ka!” sigaw ng lalaki sa kanya. “Muntik nang mamatay ang anak ko dahil sa ’yo!”

“George, you’re making a scene,” sabi ng asawa nito.

“Sir, pag-usapan po muna natin ito,” kalmadong saad ng abogado.

Dito naman itinuon ng lalaki ang mga mata. “Pag-usapan? My daughter is fighting for her life in surgery! Ano’ng gusto mong pag-usapan natin?”

Pinisil ni Reid ang kamay ng mama niya na mahigpit ang hawak sa braso niya bago siya humakbang palapit.

“Sir, I’m very sorry.” He stood his ground when the man’s eyes flared with anger and hatred. “Wala pong may gusto na mangyari ito.”

Dinuro siya nito. “You should be in jail!”

“Sir, aksidente po ang nangyari,” mariin niyang giit. Nakokonsyensya siya, oo, pero hindi sapat para kusa siyang magpakulong. Hindi siya nag-iwas ng tingin sa ama ng babae. “Pareho po kaming may kasalanan ng anak ninyo. Nagkataon lang na mas malaki ang sasakyan ko kaya mas maliit ang pinsala ko.

“This is what I’m willing to do. Kung tatanggapin ninyo ang sorry ko, ako na po ang bahala sa hospital bill at sa lahat ng gastusin ni Madeline na may kinalaman sa injury niya.”

“What are you saying, Reid?” gulat na tawag ng stepfather niya kasabay ng buntong-hininga ni Atty. Sarreal.

“I’m partly responsible,” sabi niya sa mga ito bago muling binalingan ang ama ng babae. “Iyon po ay kung tatanggapin ninyo ang sorry ko. Kung ipipilit po ninyong makulong ako, I will not only *not* help with her expenses, but I will also fight you in court. Alam ko po ang kalye kung saan kami naaksidente. May CCTV cameras doon. Your daughter was the one driving recklessly.”

Nakita niyang nanlaki ang mga butas ng ilong ng lalaki pero huminga ito nang malalim bago halatang kumalma. Pumikit ito, marahas na lumunok nang ilang beses bago muling dumilat.

“We’ll talk,” sabi nito, nagtatagis ang bagang. “Pero kapag may nangyari kay Maddie ko, walang abogado o korte ang makapagliligtas sa ’yo.”

Tumango si Reid. “If I were in your shoes, sir. I would do nothing less.”

Saglit pa siya nitong pinag-aralan bago ito tumalikod at lumabas ng waiting room. Naiwan kasama nila ang ina ni Madeline. Binalingan siya ng ginang. Namumugto ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya.

Maingat siyang lumapit dito. “Ma’am, I’m so sorry about all this. Maniwala po kayo sa ’kin, hindi ko po talaga ginusto ang nangyari.”

Parang nakahinga siya nang maluwag nang bigyan siya nito ng isang maliit na ngiti. “Of course you didn’t. Sino ba naman ang may gustong maaksidente? Hayaan mo na muna ang asawa ko. Unica hija kasi namin si Madeline.” Inilahad nito ang isang palad. “I’m Margaret Alcantara.”

Tinanggap niya ang kamay nito. “Reid Santillan po.”

Namilog ang mga mata nito nang makilala ang

pangalan niya. “The sculptor?” gulat nitong tanong. Nahiihiya siyang tumango. “Opo.”

“We have a few of your sculptures at home and at the office. Isa ka sa mga paboritong artists ng asawa ko. I wish I could say it’s a pleasure to finally meet you pero sana hindi sa ganitong pagkakataon.”

Mahina siyang tumawa bago ipinaalala sa kanya ng tadyang niya na medyo may injury rin siya.

“Are you all right?” tanong ni Mrs. Alcantara sa kanya nang mapansing napangiwi siya. “Nasaktan ka rin ba kanina?”

Nagulat siya na nagpakita ito ng pag-aalala para sa kanya. Hindi ba siya nito sinisisi sa nangyari? “Minor injuries lang po,” aniya na dina-downplay ang sariling mga pinsala bago ipinakilala ang mga magulang niya at ang abogado sa babae.

Eventually, bumalik na rin si Mr. Alcantara. Mas kalmado na ito at nanghingi pa ng paumanhin sa kanila sa ipinakita nitong galit kanina.

Magkakasama silang naghintay hanggang sa pumasok ang isang doktor sa waiting room para sabihin sa kanila na stable na ang kondisyon ni Maddie. Pero hindi lang iyon. Sa kasamaang palad, may spinal injury ang dalaga na ang kadalasang resulta ay paralysis ng mga lower extremities.

Hindi na narinig ni Reid ang iba pang mga

sinabi ng doktor. Tumatak na lang sa kanya na may posibilidad na hindi na makakalakad pang muli si Madeline.

Ang sinabi niya kanina, aksidente ang nangyari at pareho silang may kasalanan ng babae. Hindi siya nagsinungaling pero hindi rin siya lubusang naging tapat. Hindi siya nakapreno kaagad nang biglang lumabas ang kotse nito mula sa parking lot ng coffee shop hindi lang dahil nagulat siya kundi dahil nag-text siya habang nagmamaneho.

Iyon ang dahilan kung bakit nag-alok siyang bayaran ang mga gastusin ng dalaga. Hindi niya inasahan na dahil sa isang text, babaguhin niya ang buhay ni Madeline.

CHAPTER *Two*

Nagising si Maddie na para siyang lumulutang. High yata siya. She couldn't feel a thing. Parang puno ng bulak ang utak niya at nanunuyo ang bibig niya.

Inilibot niya ang tingin. The room she was in had sunny yellow walls. Sarado ang blinds sa bintana pero maliwanag pa rin sa silid. Malamig din doon, air conditioned. Naririnig niya ang mababang huni niyon.

Nasa ospital ba siya?

Pilit inalala ni Maddie ang huling mga nangyari sa kanya. *Cappuccino and cheesecake... and Gilbert, that stupid, cheating, social-climbing ass!*

Then, she remembered the accident.

Napasinghap siya sa alaala bago napalinging nang mapansin ang pagkilos mula sa isang bahagi ng silid. Isang lalaki ang biglang napaupo sa sofa na nakasandal sa dingding. Nagulat marahil ito sa singhap niya.

Their eyes met, then held. Then Maddie felt the world around her fade away to leave her and this man alone.

Hindi niya alam kung gaano katagal silang nagtitigan. Basta sapat iyon para mapuna niya ang puyat sa mga mata nito at ang pagod sa guwapo nitong mukha. Magulo ang wavy nitong buhok na para bang ilang beses na nitong isinuklay ang mga daliri roon. Maitim ang ilalim ng mga mata nitong naniningkit sa antok. His cheeks and jaw were also dark with stubble that made him look sexy and masculine. Sa kabila ng pagod sa mukha nito, he was gorgeous.

He stood, his movement strangely seductive even though he only got to his feet. Noon niya napagtantong matangkad ito. He had to be more than six feet tall with a long, lean, hard body.

“Hey,” sabi nito gamit sa mababang boses na tila nadama niya sa kaibuturan ng kanyang pagkatao. Bakit para siyang hinaplos?

Marahas siyang lumunok. “Hi.”

Pinag-aralan nito ang mukha niya at nadama niyang parang mas lalo pang nanuyo ang bibig niya.

“Kumusta na’ng pakiramdam mo?”

Nanghihina. Mainit ang sikmura. Parang di ako makahinga... p’wedeng pa-CPR?

“I’m okay. I think.”

“Lumabas lang ang mama mo para bumili ng merienda. Babalik din siya kaagad.”

Tumango siya, pagkatapos ay tumikhim. “Ah, sino ka?”

Mahina itong tumawa at naihilamos ang palad sa mukha bago naupo sa silya sa tabi ng kama niya. “Hindi mo nga pala ako kilala. Ilang araw na kasi akong nandito kaya pakiramdam ko...” Umiling ito. “I’m Reid.” He stopped himself and looked at her again. “Ako ’yung... ’yung sa aksidente. Ako ’yung nakabanggaan mo.”

’Yung driver ng... ano ulit ’yun? She searched her memory. Hindi niya maalala.

Siguro dahil natagalan siya sa pag-iisip kung ano ang sasakyan nito kaya nang muling mag-focus sa mukha ng lalaki ang paningin niya, puno na ng pag-aalala ang mga mata nito.

“I’m really sorry about what happened. I swear to you, I wish I had braked on time—”

“No, don’t.” And because it was in her nature,

she reached out to him to comfort him. Awtomatiko ring tinanggap ng lalaki ang kamay niya. When his palm slid beneath hers, nagpasalamat siyang walang nakakabit na ECG machine sa kanya dahil malalaman nitong lumundag ang puso niya.

“Hindi ko lang maalala ’yung kotse mo.”

“*Range Rover.*”

Mahina siyang tumawa. “Kaya naman pala walang kalaban-laban ang kotse ko.” Nang mapatingin siya ulit dito, nakita niyang napangiwi ito sa sinabi niya. “It was a joke. I’m not blaming you. Nasaktan ka ba?”

Hindi kaagad nakasagot ang lalaki. Pinagmamasdan lang siya nito na para bang hindi nito maintindihan ang itinatanong niya.

“Tinatanong mo ba talaga ako kung nasaktan ako?” Parang hindi ito makapaniwala.

Kumunot ang noo ni Maddie. “Uh, oo. I mean, sa naaalala ko, malakas ang pagkakabangga mo sa kotse ko.”

Saglit pa siya nitong pinagmasdan bago ito mahinang tumawa. “No, hindi ako nasaktan. Pero ikaw...”

Nagsimulang kabahan si Maddie nang huminto ito sa pagsasalita. Teka, *siya* ba ’yung nasaktan?

“What... what is it?”

This time, he held her cold hand between both of his. His thumb stroked her knuckles before he looked up at her again, sighed and smiled in a reassuring manner that didn't really reassure her. "Mabuti pa hintayin na lang natin ang mama mo 'tapos ipatawag natin 'yung doktor para siya na ang magpaliwanag."

May kung ano sa tinig nito na lalong nagpabilis sa tibok ng puso niya sa takot. Noon niya pinakiramdaman ang sarili pero wala namang masakit sa katawan niya. May mga kumikirot pero mas hindi komportable kaysa masakit. Siguro dahil sa gamot?

Ikinilos niya ang ulo, ang mga daliri sa kamay na hindi hawak ni Reid at ang mga daliri niya sa paa.

Sandali...

Sinubukan niya iyong muli pero tama ang una niyang nadama. Hindi niya maigalaw ang mga daliri niya. Sa katunayan, hindi niya maramdaman ang mga daliri niya, o ang mga paa niya, o ang kahit aling bahagi ng lower body niya. Suddenly, it was hard to breathe as panic clogged her throat.

"Oh, my God," she whispered. "I can't feel my legs."



Shit! What had he done?

“Okay, okay,” ani Reid na pilit na pinapahinahon ang tinig. Nag-focus sa kanya ang balisang mga mata ni Maddie. Inabot niya ang isa pang kamay ng babae at mahigpit din iyong hinawakan. “Hindi ko alam ’yung specifics pero ang mahalaga, ang sabi ng doktor, gagaling ka. With physical therapy, you will be able to walk again.”

“Sandali... ibig sabihin ngayon hindi ako makakalakad?” Nakatingin pa rin ito sa kanya na namimilog ang luhaang mga mata.

Nagbuka ng bibig si Reid pero hindi niya alam ang dapat sabihin. Ayaw niyang magsinungaling pero ayaw rin niya itong takutin. Namumutla ito. She looked like a scared and vulnerable child. No, he didn’t have the heart to tell her.

“They said it could be temporary. That it *is* temporary. With therapy and the right attitude... It’s going to be okay,” he assured her. “I’m going to help you through this. I’m not going to leave you, I promise.”

And he meant that with every fiber of his being.

Pinagmasdan niya ang babaeng nakatingin na sa malayo at malalim ang iniisip. He was at a loss here. Hindi talaga niya alam kung ano ang sasabihin para mapagaan ang loob nito.

Nang suminghot ito, hinila nito ang mga kamay

mula sa kanya at pinunasan ang basang mga mata at pisngi, bago pilit na ngumiti sa kanya.

“Well, at least hindi ako nabulag. Mas hindi ko kaya kung nabulag ako. I can handle not being able to walk basta nakakakita ako. Saka sabi mo temporary lang, di ba? So I should be okay.”

Mabagal siyang tumango. Medyo naguguluhan siya. Hindi ba dapat nagpa-panic ito? Umiiyak sa takot o sa galit? Ngayon lang siya nakakilala ng ganitong klaseng tao, na napakapositibo ng outlook.

So, totoo pala ang mga anghel.

Nakadama siya ng kung anong kakaiba sa dibdib niya. Parang hindi siya makahinga na hindi niya maintindihan. Pero bago pa siya nakapagsalita, bumukas na ang pinto ng silid at pumasok ang mama at papa ni Madeline kasama ang lalaking naroon nang mabangga niya ito, ang “boyfriend” nitong si Gilbert.

Mainit ang dugo nito sa kanya. Lagi siya nitong pinaparinggan at binabara-bara sa tuwing may sinasabi siya. Kung barumbado siya, sa ER talaga ito pupulutin. Nagtitimpi lang si Reid kasi kung siya ang nasa lugar nito, malamang mas malala pa sa ginagawa nito ang gagawin niya. Isa pa, respeto na rin kina Maddie at sa mga magulang nito na hindi siya manuntok sa hospital.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

Nagulat siya sa singhal ng babae sa nobyo nito. Napatingin silang lahat kay Maddie.

“Babe—”

“Babe mong mukha mo!”

Mabilis na hinawakan ni Reid ang mga balikat ni Maddie nang magtangka itong bumangon mula sa kama. Dahil sa galit, nalimutan na siguro nitong kasalukuyan itong baldado.

“Kaya ako naaksidente ay dahil sa pagmamadali kong makalayo sa hayop na ’yan!”

Kay Gilbert naman sila napatingin lahat, kabilang na ang kunot-noong ama ng babae.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” galit na ring tanong ni Mr. Alcantara.

“Niloloko lang niya ako, Papa!” ani Maddie. “Apat na buwan na siyang may iba pang girlfriend. Ginagamit lang niya ako para ma-promote sa kompanya at para makatipid sa gastos kapag nag-a-out of town business trip siya at isinasama niya ang babae niya!”

Humakbang na palayo si Gilbert. “Eh, sir... ano po, hindi po—”

Hinigpitan ng ina ni Maddie ang pagkakahawak sa braso ng ama nito dahil mukhang susuntukin talaga nito ang walanghiyang lalaki. Sa katunayan,

ganoon din ang gustong gawin ni Reid pero humigpit lang ang hawak niya sa mga balikat ni Madeline nang madamang sinusubukan na naman nitong kumilos paalis ng kama.

Maybe it was not the right time pero nangingiti siya kasi mana pala talaga ito sa mga magulang. Sweet at considerate itong tulad ng mama nito, pero nakuha rin nito ang pagkamainitin ng ulo at slight violent tendencies ng ama.

Dinuro ni Mr. Alcantara si Gilbert. “Lumayas ka!” gigil nitong saad. “Ayoko nang makita pa ang pagmumukha mo rito! Huwag ka na ring babalik sa opisina dahil ipababaril kita sa guwardya!”

“Pero, sir—”

“Get out!”

Nilingon ni Gilbert si Maddie pero tiningnan lang ito nang matalim ng babae.

“I’m sorry, Maddie,” sabi nito sa babaeng nagtiim-bagang lang bilang tugon. “I’m really sorry. Sorry rin po, sir, ma’am.”

Pagkatapos niyon ay lulugo-lugo na itong lumabas ng silid. Gago ang Gilbert na iyon pero parang naawa si Reid sa lalaki. Mukha naman kasing pinagsisisihan na nito ang ginawa. Araw-araw rin ito sa ospital at gaya niya ay buong araw roon, nagbabantay at naghihintay na magkamalay

na si Madeline.

Napalingon siya sa babae nang maramdamang bumagsak ang mga balikat nito. Inalalayan niya itong muling mahiga at hinila ang kumot hanggang sa mga balikat nito.

“Puwede bang iwan muna ninyo ako?” mahina nitong hiling.

“Maddie—” simula ng mama nito pero umiling ang babae.

“Please po? Sandali lang.”

Si Reid ang naunang naglakad palabas ng silid pero hindi nagtagal, nasa corridor na rin ng ospital ang mga magulang ng dalaga.

Napahilamos ng palad sa mukha si Mr. Alcantara. Bakas doon ang pagod nito, puyat at matinding pag-aalala.

“Hindi ko alam kung bakit hindi ko ’yun nakita,” sabi nito, puno ng pagsisisi ang tinig.

“Hindi mo kasalanan ’yun,” sabi ng asawa nito habang masuyong hinahaplos ang likod nito.

“Alam ko namang ambisyoso si Gilbert pero hindi ko naisip na gagamitin niya si Maddie.” Umiling ang lalaki. “I should have known.”

“Gaya ng kung paano mo dapat alam na maaaksidente si Maddie? O kung ano ang susunod na winning lotto numbers? O kung kailan

magugunaw ang mundo?” biro ng asawa nito bago ito bumuntong-hininga. “George, hindi mo alam ang lahat. Tanggapin mo na iyon. Ang mahalaga ngayon ay kung paano natin tutulungan ang anak natin.”

Tiningnan ni Mr. Alcantara si Reid. “Ikaw. Kung hindi ka rin naman pala tutupad sa pangako mong tutulong sa pagpapagamot at pag-aalaga kay Maddie, mabuti pang umalis ka na ngayon.”

“George,” napabuntong-hiningang saad ni Mrs. Alcantara.

“Nakita mo na kung ano’ng ginawa ng Gilbert na ’yun,” sabi ng asawa nito. “Mabuti na ’yung magkalinawan na habang maaga pa.”

May pagkasuplado sa kanya ang ama ng babae kahit pa nagpakita ito ng paghanga noong una nitong malaman ang pangalan niya. Siguro ay nabigla dahil, ayon nga sa mama ni Maddie, “fan” niya ito. Pero saglit lang iyon. Nang maalala nitong siya ang nakabangga sa anak nito, muli itong nagsuplado. Naiintindihan naman niya iyon. Kung siya ang may anak, baka mas maging halimaw pa siya sa sinomang mananakit dito.

“May isang salita ako, sir,” pangako ni Reid. “Tutupad po ako sa usapan.”

Pinagmasdan siya ni Mr. Alcantara na para bang sinusubukan nitong basahin ang nasa puso niya. Di

nagtagal, tumango ang lalaki at ibinalot ang mga braso sa asawa nito.

Tutupad talaga sa usapan si Reid. Hindi lang dahil responsibilidad niya iyon, pero dahil may namuong hindi niya mawari sa dibdib niya para kay Madeline na higit pa sa responsibilidad. It was interest, curiosity, attraction. Whatever it was, he knew he wasn't going to find peace until he explored it.

CHAPTER *Three*

*N*ang dumating si Reid sa ospital kinabukasan, may dala siyang anim na makukulay na lobo at isang bouquet ng pink at white lilies. Kumatok siya sa pinto ng silid ni Maddie bago siya pumasok. Naabutan niyang kausap ng attending physician ang pamilya.

Nagkatinginan sila ni Maddie. Nasa hospital bed pa rin ito at nakasuot ng pink na pajamas. Medyo may kulay na ang mga pisngi nito at hindi na namumutla kahit pa may mga pasa at galos sa mukha nito. Nang makita siya ng babae, bahagyang umawang ang mga labi nito sa gulat pero nagliwanag ang mga mata at ngumiti sa kanya.

Nag-init ang mga pisngi ni Reid. Natutuwa siya

sa reaksyon nito pero hindi rin niya maikailang binabagabag pa rin siya ng konsyensya niyang kusang naging madaldal nitong huling mga araw. Nagising yata nang mauntog siya sa aksidente. Lagi nang ipinapaalala sa kanya na ang kapal ng mukha niyang magkagusto rito. Una, siya ang dahilan kung bakit kasalukuyan itong nasa ospital. Ikalawa, medyo may sabit pa siya.

Medyo lang dahil matagal na siyang walang feelings para kay Vienna. Matagal na niyang gustong makipag-break dito pero busy ito sa trabaho at matagal na rin silang hindi nagkikita. Ayaw naman niyang makipag-break dito sa telepono kaya naghihintay pa siya ng oras para magkausap sila.

Noong araw na naaksidente sila ni Maddie, inihatid pa niya si Vienna sa airport dahil papunta ito sa Paris para sa halos tatlong buwang pamamalagi roon para sa trabaho. Sinabi niya rito na gusto na niyang makipaghiwalay pero nakiusap ang babae na bigyan niya ito ng pagkakataon. Baka raw kasi kailangan lang nilang maghiwalay para raw ma-miss nila ang isa't isa.

Ayaw sana ni Reid pero sinabi nitong kung hindi niya ito mapagbigyan bilang nobya, pagbigyan naman niya ito bilang kaibigan dahil naging mag-best friend naman sila. Sinabi niya ritong malabong magbago pa ang isip niya tungkol sa

pakikipaghiwalay rito, pero tumango lang ang babae at sinabing mag-usap sila pagbalik nito.

Bumuntong-hininga na lang si Reid at pumayag na rin.

Nagmamadali siyang pumasok ng hospital room ni Maddie para ilagay ang dala niyang bouquet sa mesa sa tabi nito at itali ang mga lobo sa sandalan ng isang upuan sa sulok ng silid. Saka siya nakinig sa sinasabi ng doktor.

Ipinaliwanag nito ang pagdaraan ng dalaga sa rehabilitation. Kailangan nitong makipagkita sa isang physical therapist. Kailangan nito ng iba't ibang exercises na itinalaga talaga para sa mga taong may pinsala na tulad nito, mga exercises na magpapalakas sa muscles nito, mag-i-improve ng balance, mga ambulation exercises na tutulong para sa muli nitong paglakad.

Pinanood ni Reid si Maddie na taimtim na nakikinig. Hindi katulad kahapon nang malaman nitong paralisado ang mga binti nito, hindi panic ang nasa mga mata ng babae ngayon kundi determinasyon.

Nakadama ng pride si Reid doon. She was going to walk again. And soon. He was sure of it.

Nang magpaalam ang doktor, nagpasalamat silang lahat dito. Siguro may gusto pang itanong sa lalaki ang ama ni Maddie dahil nagpaalam ito

sa kanila na ihahatid nito sa labas ang doktor at kasunod ngang lumabas ng huli. Naupo si Mrs. Alcantara sa tabi ni Maddie sa kama at niyakap ang anak.

“Kayang-kaya mo ’yun!” masayahin nitong saad kahit pa halata sa mga mata nito ang pag-aalala.

Tumawa si Maddie. “Opo naman, Mama. Kayang-kaya ko ’yun.” Binalingan siya nito. “Hi, Reid. Thank you sa flowers at sa balloons.”

“You’re welcome,” sagot niya. Lumapit na rin siya sa kama. “Kumusta ka na?”

She smiled wryly. “Eto. Hindi na ako lango sa droga kaya nararamdaman ko na ’yung sakit sa likod ko. Pero at least may nararamdaman ako. Ibig sabihin buhay ako.”

Tinugon niya ang cheerful na ngiti ni Maddie. Kinailangan niyang hignipitan ang hawak niya sa railing sa gilid ng kama nito para mapigilan ang sariling abutin ang kamay nito o haplusin ang pisngi nito.

“Ang optimistic mo talaga.”

Nagkibit-balikat ang babae. “Totoo naman. I can’t walk but it’s only temporary. At kahit hindi, meron namang wheelchairs. May saklay. I have options. Ang mahalaga, buhay ako. And I’d really, really rather not be dead right now.”

His hand helplessly moved up pero bago pa

niya mailapit iyon sa mukha ni Maddie, hinaplos na ng mama nito, na nalimutan niyang naroon nga pala sa tindi ng focus niya sa dalaga, ang buhok ng babae. Muling ibinaba ni Reid ang kamay sa railing ng kama.

“Mama, kung gusto na po ninyong mag-almusal, mag-almusal na po kayo. Nandito naman na po si Reid.”

“Sige, kung okay lang sa ’yo?” tanong ng ginang sa kanya.

Opo nga, Mama. Okay na okay lang po. “Opo, okay lang po. Mag-almusal na po kayo.”

“Kumain ka na ba, hijo? Ibibili ka na lang namin ng breakfast.”

“Okay na po ako. Nag-almusal na po ako bago ako nagpunta rito.”

“Ay, sige. Aayain ko na ang papa ni Maddie.” Hinalikan nito ang pisngi ng anak at bumaba na ng kama. “Sandali lang kami. Huwag mong iiwan mag-isa si Maddie,” bilin nito sa kanya.

Natawa si Reid. Kailan ba niya ito iniwang mag-isa? “Hindi po, ma’am. Dito lang po ako.”

Lumabas ng silid ang babae at naiwan silang dalawa. Naupo si Reid sa silya sa tabi ng kama. “Hi,” bati niya.

“Hi! Bakit hindi mo sinabi sa ’kin na ikaw pala si Reid Santillan, ’yung sculptor?”

Nadama na naman niyang nag-init ang mga pisngi niya. He was proud of his work pero hindi rin siya iyong klase ng tao na maya't maya ay binabanggit kung sino siya.

“Hindi naman kasi natin napag-usapan.”

“Still, it would have been nice to know. Fan mo kami ni Papa. I have your *Dance of Light* sculpture. Talagang namalimos ako kay Papa d'un sa auction para mabili ko siya.”

He wasn't able to control the smile of pleasure. Naaalala niya iyon. Marble sculpture iyon ng isang babaeng nakaupo na yakap ang mga tuhod. Nakatingala ito sa langit at hinihipan ng hangin ang mahaba nitong buhok. Sa isip niya, gabi iyon at nakatingin ito sa buwan.

“Paano mo nagawa iyon?” tanong ni Maddie. “It's made of marble pero parang buhay na buhay siya. And the magazines were right when they said it looked like it was sculpted with magic and moonlight. Kahit saan ko kasi siya ilagay, para talagang nasisinagan siya ng buwan.”

Noong nabasa niya na ganoon ang pagkakalarawan ng mga magazines sa gawa niya, natawa lang siya at binalewala ang mga papuri. Pero nang si Maddie ang magsabi, parang bigla siyang naniwala na may magic nga ang mga gawa niya.

“Papa has your *Serenity* in his office, and Mama

has a lot of your pieces at home.”

“Magpapasalamat ako sa kanila pagbalik nila mamaya.”

Bumungisngis ang babae. “Anyway, thank you sa pagdalaw mo sa ’kin. Sabi nina Mama, araw-araw ka raw nandito mula nang dalhin nila ako rito. You do know that you don’t have to do this, don’t you?”

Nagkibit-balikat siya at binigyan ito ng charming na ngiti. “Maybe, but I like being here.”

Namula ang mga pisngi ng babae. Nag-iwas ito ng tingin at sinulyapan ang mga bulaklak na dala niya.

“Pinag-isipan ko ’yung nangyari,” simula nito. “Ako talaga ’yung may kasalanan sa aksidente. I was reckless. Masyado akong mabilis n’un ’tapos hindi ko pa talaga tiningnan kung may paparating na sasakyan bago ako lumabas ng parking lot.” Muli nitong ibinaling ang tingin sa kanya. “So yeah, I think ako talaga ang mali. Sabi ni Papa nag-offer ka raw magbayad ng hospital bills ko. You don’t have to do that, Reid. It’s not fair to you. Wala ka namang kasalanan.”

“I could have braked on time,” he argued. “Hindi pa ako naaaksidente kahit kailan and I’ve been driving since I was twelve. Ilang beses na akong muntik makasagasa ng mga asong biglang lumalabas ng gate ng mga bahay nila pero mabilis ang reflexes

ko. N'un lang ako nakabangga. Ikaw lang.”

“Still not your fault.”

“I was texting, Maddie,” sa wakas ay pag-amin na niya. “Wala sa kalsada ’yung atensyon ko. Kita mula sa kalsada ’yung parking lot ng coffee shop kaya kung nagko-concentrate ako sa pagmamaneho, nakita ko dapat na paparating ’yung sasakyan mo. Pero dahil distracted ako, this,” nagmuwestra siya sa mga binti ni Maddie, “happened. Dahil sa isang text na hindi ko rin naman naipadala, I changed your life. So yeah, may pagkakamali rin ako.”

She smiled softly at him. “Hindi kikita sa ’ting dalawa ang mga abogado, ano?”

He chuckled. “Kahit hindi siya kikita, mas gusto ng abogado ko na ayusin ang mga problema na hindi umaabot sa korte, sa totoo lang.”

“Pero hindi ko kayang tanggapin talaga na ikaw ang magbayad sa lahat ng gastos ko,” giit ni Maddie. “May kamahalan kasi. Saka may insurance naman ako.”

“Ganito na lang. Paano kung sagot ko na ’yung pagpapagawa ng kotse mo? Or I could get you another—”

Huminto siya sa pagsasalita nang ituro siya nito. “No! Kung hindi na siya maaayos, huwag mo akong ibili ng bago! Okay ka lang? Hindi biro ang kotse, ano! Kahit lumang kotse, mahal pa rin.”

“I can afford it,” he assured her.

“Hindi ka bumibili ng bagong kotse para sa mga taong hindi mo kilala!”

Mapagbiro siyang ngumisi. “Pero pakiramdam ko kilala na kita. Kung ganito naman kasi ang shared experience ng dalawang tao, hindi pa ba kayo magiging close?”

“I just met you yesterday!” natatawa nitong paalala.

“I’ve watched you sleep for three days before you met me,” hindi niya sinasadyang ibunyag. Halatang nagulat si Maddie sa rebelasyon na iyon. Nagtaas siya ng mga kamay at mabilis niyang itinama ang sinabi. “I meant I was here with you while you were sleeping! May kasama tayo. Laging nandito ang parents mo. Promise, hindi ako stalker.”

“Nakakahiya yatang isipin. Paano kung naghihilik ako?”

“Hindi naman,” seryoso niyang pahayag. “Pero minsan tumutulo ang laway mo.”

Malakas na tumawa ang dalaga at hinampas siya ng unan na para bang matagal na silang magkakilala. Tumawa na rin siya at inagaw ang unan bago iyon ibinalik sa tabi ni Maddie.

“Alam mo, I’m fascinated by you.” This time, when he said that, she looked at him curiously. “Ngayon pa lang kasi ako nakakilala ng tao na katulad

mo. 'Yung ganyan ka-optimistic saka understanding.
'Yung parang walang galit sa mundo."

Namilog ang mga mata nito. "Nalimutan mo na ba si Gilbert?"

Muli siyang tumawa nang maalala ang galit nito sa lalaki kahapon. "Bakit hindi na lang si Gilbert ang sisihin natin sa nangyari?"

"Eh, kasalanan naman talaga niyang hayop siya!"

"What happened between the two of you?" he asked, curious.

Ikinuwento nito sa kanya ang condensed version ng relasyon nito at ni Gilbert mula nang ligawan ito ng lalaki hanggang sa kung ano ang nangyari sa coffee shop. Habang nagkukuwento, pinagmamasdan lang ni Reid ang babae. She was so pretty and adorable that he had to stop himself from reaching for her to cuddle her.

"Ginawa lang pala akong ATM ng walangya. Dapat imbes na nagmadali ako palabas ng parking lot, sinagasaan ko na lang siya," nakasimangot nitong pagtatapos.

He smirked. "Would you feel better if you had?"

She shrugged. "Maybe. Kung ginawa ko 'yun, hindi sana tayo naaksidente."

"Eh, di hindi tayo nagkakilala."

Napangiti ulit ito, parang nahihiya. "Kung ano'ng pinagsasabi nito."

“Do you love him?” pagbabalik niya sa paksa kanina.

Hindi agad nakasagot si Maddie hanggang sa tuluyan nang napahiya si Reid. “I’m sorry. That was incredibly nosy.”

“No, okay lang,” tahimik nitong saad. “For some reason, komportable ako sa ’yo so I don’t mind. Saka gan’un din siguro kapag second life mo na, mapagiisipan mo lahat.” Inayos ni Maddie ang kumot na nakabalot sa mga binti nito.

“I had a crush on him when he started courting me. Guwapo kasi, masipag, may ambisyon pero love? No, not really. I was expecting to fall crazy in love with him n’ung maging kami, kapag mas nakilala ko pa siya. Na-realize ko na hindi nangyari ’yun. We have... *had* a steady relationship, but I was always looking for something missing that I didn’t know what.”

She laughed wryly. “I guess nahanap niya ’yun d’un sa babae niya. Nagkataon lang na mukha siyang pera at mahirap ’yung kabit niya kaya hindi niya tuluyang maiwan ’yung mayaman niyang girlfriend.”

Inabot ni Reid ang pisngi nito at pinunasan ng lapad na bahagi ng hinlalaki niya ang luhang tumulo mula sa mata nito. Parang nagulat si Maddie na umiiyak na pala ito. Pinahid nito ang sariling luha at hinila niya palayo ang kamay kahit pa gusto pa

niyang haplusin ang pisngi nito. He had no right to touch her like that. Not yet.

“Pride ko ’tong umiiyak, ha. Mas nasaktan kasi siya kesa sa puso ko. And you know what? I’m glad for that. Mas madaling maka-recover ang pride ko kesa sa puso.”

Nagkwentuhan pa sila hanggang sa mapansin ni Reid na panay na ang paghikab ni Maddie.

“Pagod ka na,” puna niya bago siya tumayo at inabot ang buton na mag-re-recline sa kama. “Magpahinga ka na muna. Pabalik na rin siguro ang mama at papa mo.”

Nang makahiga na si Maddie, tinulungan niya itong ayusin ang unan sa ilalim ng ulo, at sa ilalim ng mga balikat at balakang nito para hindi masyadong lumapat sa kutson ang likod nitong pinaghihilom pa. Nang makaayos na ang dalaga, hinila niya ang kumot hanggang sa mga balikat nito.

Nang bumaling siya sa paanan nito, nakita niyang hindi natatakpan ng kumot ang mga paa ni Maddie. “O, wala kang medyas?”

“Ay! Pinapalitan ko kasi kay Mama kanina bago dumating si Doc. Nakalimutan ko nang magpasuot ng bago.”

“Ako na lang. Nasaan ang mga medyas mo?”

Itinuro nito ang duffel bag sa sofa. “Nasa pocket.”

Nang buksan niya ang bulsa ng bag, may ilang

pares ng medyas doon. Iba't iba ang design at kulay. Pinili niya ang isang pares ng kulay violet na medyas dahil iyon ang pinakamakapal.

He unrolled the socks as he walked to the bed. Hawak na niya ang paa ni Maddie bago pa niya maisip na medyo intimate ang ginagawa niya.

Marahan niya itong binitawan. "I'm sorry. Is it okay if I...?" Itinuro niya ang paa nito.

Tumango si Maddie pero parang hindi ito makatingin nang derecho sa kanya. Napalunok si Reid. Paano ba niya gagawin ito?

He slid her toes into the opening of the sock before he lifted her foot and pulled the material over it. Hindi man niya sinasadya, naglandas ang likod ng mga daliri niya sa malambot na balat ng paa ng dalaga. Maging iyon ay malambot.

He felt her toes flex and his gaze flew to her face. "Naigalaw mo 'yung mga daliri mo!" natutuwa niyang pahayag.

"I did?" nagulat na tanong ng babae na matamang tiningnan ang mga daliri sa paa. "Ang sabi ni Doc minsan daw galalaw sila pero hindi pa voluntary movement. Reflex lang. Pero subukan ko lang daw nang subukan para mas mabilis bumalik 'yung sensations."

"Di hindi mo pa nararamdaman ngayon 'yung hawak ko?"

“You know what? I think I do... a little.”

“Subukan mo ulit.”

Lumunok si Maddie at nag-concentrate. Tumungo rin si Reid para tingnan ang paa nito. It took her a minute but then her big toe moved. Suminghap si Maddie. Pareho silang masayang tumawa.

“I moved it! I actually moved it!”

Ngumisi si Reid. “Mabilis kang gagaling, nararamdaman ko.”

She grinned at him. Muntik na siyang mag-alok ng foot rub pero nagpigil siya. Hindi pa sila close. Di bale na, sisiguruhin niyang darating sila roon.

“O, tama na muna. Magpahinga ka na. Mamaya mo na subukan ulit.”

Tinapos niya ang paglalagay ng medyas dito. Inayos niya ang kumot para takpan ang mga paa ni Maddie bago siya lumayo sa kama para tumungo sa pinto. Pinatay niya ang ilaw para kahit paano ay medyo dumilim ang silid. Isinara na rin niya ang blinds sa bintana bago siya bumalik sa tabi ng kama.

“Can I tell you something?” Halata na ang antok sa tinig nito.

“Sure.”

“I’m intrigued by you. Mamaya, paggising ko, will you tell me something about yourself?”

Napangiti si Reid. “All right.”

“Are we friends now?” muling tanong ni Maddie.

“Yeah, Maddie. We’re friends.”

Mahina itong tumawa pero tuluyan nang pumikit. “Ang weird, ano? Naging magkaibigan tayo matapos nating mawasak ’yung sasakyan ng isa’t isa?”

“Mas weird ’yung gusto mo akong maging kaibigan kahit kasalanan ko na baldado ka ngayon.”

“Pfft. I’ll be walking in no time.”

“I know. Sige na, Maddie. Matulog ka na.”

Naghintay siya hanggang sa lumalim na ang paghinga ng dalaga. This time, he didn’t stop himself. He stood to gently press his lips to her forehead before going back to his seat to watch her sleep.

Nang pumasok ang mga magulang ng dalaga, nakaunan na si Reid sa mga braso niyang pinagkrus niya sa ibabaw ng kama at mahimbing na ring natutulog.